

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na ginagawa mo kapag gusto mong magpahinga?
- Ilarawan ang isang lugar na kung saan pakiramdam mo ay ligtas ka. Paano mo nalaman ang lugar na ito?
- Naranasan mo na bang mapunta sa isang lugar na ligtas matapos mong malagay sa panganib? Ikuwento kung ano ang nangyari.

WORD *At pinatnubayan niya sila papunta sa lungsod na matitirahan.* **MGA SALMO 107:7**

Ang salmo na ito ay tungkol sa isang grupo ng mga Judio na kasama ni Ezra sa pagbalik sa Israel matapos silang ipatapon sa Babilonia. Sa Babilonia, ang mga Israelita ay dayuhan at estranghero, madali silang maaabuso sa ibang bayan. Nang sila ay bumalik sa lungsod ng Jerusalem, sila ay naibalik muli sa isang lugar na may seguridad. Sa kasaysayan, ang mga lungsod ay lugar na pinupuntahan ng mga tao upang magkaroon sila ng pagkain, tubig, masisilungan, at kabuhayan. Dahil nagtitipon-tipon ang mga tao sa mga lungsod, ito ang pinakamainam na lugar para sa pangangaral ng ebanghelyo. Ito ay hindi aksidente. Makikita natin sa Mga Salmo 107 na ginawa ng Diyos ang mga lungsod na ganito upang ang Kanyang layunin ay maipalaganap sa buong mundo.

1 | Ang lungsod ay kumakatawan sa isang lugar na masisilugan.

²*Sabihin ninyo ito, kayo na iniligtas niya sa kamay ng mga kaaway.* ³*Dahil tinipon niya kayo mula sa silangan, kanluran, timog at hilaga.* **MGA SALMO 107:2,3**

Sa Lumang Tipan, ang pinakamahalagang lungsod para sa mga Judio, ang mga Israelita na mamamayang pinili ng Diyos, ay ang lungsod ng Jerusalem na napalilibutan ng pader. Noong panahong ito, ang mga lungsod ay nakatayo sa mga matataas na lugar, may matataas na pader, at matatagpuan malapit sa mapagkukuhaan ng tubig. Kumakatawan ang mga ito sa kaligtasan at kapanatagan. Paano ipinakita sa iyo ng Diyos na Siya ang iyong kanlungan sa gitna ng mga mapaghamong kalagayan?

2 | Nais ng Diyos na dalhin ang mga tao sa lugar na masisilugan.

⁶*Sa kanilang kahirapan, tumawag sila sa Panginoon, at iniligtas niya sila sa kagipitan.* ⁷*At pinatnubayan niya sila papunta sa lungsod na matitirahan.* **MGA SALMO 107:6,7**

Bago tinubos ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan, sila ay naglakbay, at *hindi nila makita ang daan papuntang lungsod na maaari nilang tirhan. Sila'y nagutom at nauhaw at halos mamatay na* (Mga Salmo 107:4,5). Subalit *iniligtas Niya sila sa kagipitan, at pinatnubayan Niya sila papunta sa lungsod na matitirahan.* Ang nasa puso ng Diyos ay ang tubusin ang lahat ng tao at dalhin sila sa Kanyang kanlungan. Paano tayo naging bahagi ng plano ng Diyos, ayon sa Mateo 28:19?

3 | Si Jesu-Cristo ang daan tungo sa isang lugar ng ligtas.

²Sabihin ninyo ito, kayo na iniligtas niya sa kamay ng mga kaaway. . . . ⁶Sa kanilang kahirapan, tumawag sila sa Panginoon, at iniligtas niya sila sa kagipitan. MGA SALMO 107:2,6

Matapos masakop ng mga taga-Babilonia ang kanilang lungsod, ang mga Judio ay ipinatapon at kumalat sa iba't ibang lugar. Ang mga tinubos ng Diyos ay ang mga inipon Niya at ibinalik sa lungsod, ang lugar kung saan may kaligtasan. Sa atin ngayon, tinubos tayo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo (Mga Taga-Efeso 1:7). Hindi lamang Niya tayo tinubos mula sa ating kasalanan, kundi Siya din ang lugar ng ating kaligtasan. Ikuwento ang sarili mong patotoo kung paano mo nakilala si Jesus.

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang pagtubos sa pamamagitan ng dugo ni Cristo? Hilangin sa iyong lider na ipanalangin ka tungkol dito.
- Pinapakinggan ng Diyos ang ating mga hinaing at kagustuhan upang dalhin tayo sa isang ligtas na lugar. Paano mababago ng katotohanang ito ang pananaw mo tungkol sa Diyos? Paano nito maaapektuhan ang buhay mo? May mga bahagi ba ng buhay mo kung saan kailangan mong maalala na maaari mong pagkatiwalaan ang Diyos?
- Paano ka tutugon sa utos ng Diyos na tulungan ang mga tao mula sa iba't ibang bayan na sumunod sa Kanya? Magbahagi ng isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo.

